REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-95

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGBIBIGAY NG HALAGANG SAMPUNG LIBONG PISO (₱10,000) SA PAMILYA NA MAIIWANAN NG ISANG BARANGAY TANOD NA MAMAMATAY SA PAGTUPAD SA KANYANG TUNGKULIN.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang barangay tanod ang katulong ng pulisya sa pangangalaga ng kaayusan at katahimikan ng isang lugar;

SAPAGKAT, lubhang maselan ang ginagawang tungkulin ng barangay tanod sa pagpapanatili ng kapayapaan o katahimikan sa kanilang barangay sa panahon ng pagkakaroon ng mga kaguluhan at natataya ang kanilang mga buhay;

SAPAGKAT, bilang barangay tanod ay walang tinatanggap na laanggugulin (allowance) o sahod ang mga ito sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, nararapat lamang na tulungan at bigyan ng pagpapahalaga ang bawat barangay tanod na tumutupad ng buong katapatan, kasipagan at kagalingan sa kanilang nakaatang na tungkulin;

NGAYON DAHIL DITO , ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan ang pinagpasiyahan pang muli ang pagbibigay ng halagang sampung libong piso (₱10,000) sa pamilya na maiiwanan ng isang barangay tanod na mamamatay sa pagtupad sa kanyang tungkulin.

PINAGTIBAY ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang limampu't isang (51st) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-13 ng Marso, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina - 2 -

Kapasiyahan bilang 89-95

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

HINDI NAKILAHOK : Kgg. SMITH; Kgg. DIAZ; KGG. MOZO; Kgg. BULAY

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Marso 13, 1989